| DEPARTAMENTO NG PAGGAWA AT INDUSTRIYA NG VIRGINIA (DEPARTMENT OF LABOR AND INDUSTRY, DOLI)<br>PROGRAMA NG VIRGINIA SA KALIGTASAN AT KALUSUGAN SA TRABAHO (VIRGINIA OCCUPATIONAL SAFETY AND HEALTH, VOSH)<br>**Pang-emergency na Pansamantalang Pamantayan ng VOSH para sa Pandemya ng COVID-19** | Department of Labor and Industry<br>http://www.doli.virginia.gov |
| --- | --- |

## *Patnubay para sa mga Employer at Empleyado*

Sa harap ng mapaminsalang epekto ng pandemya ng COVID-19, ipinagpatibay ng Virginia Safety and Health Codes Board ang **Pang-emergency na Pansamantalang Pamantayan, Pag-iwas sa Nakahahawang Sakit na: SARS-CoV-2 Virus na Nagdadala ng COVID-19 16VAC25-220**, upang protektahan ang mga empleyado at employer mula sa paglaganap ng COVID-19. Ang bagong pamantayang ito ay pananatilihing ligtas at malusog ang mga Virginian sa trabaho, may kumpiyansa ang mga customer sa kaligtasan ng mga nakatayong negosyo sa Virginia, at bukas ang mga negosyo ng mga employer.

---

## Mahahalagang Impormasyon

Ang napapanahong impormasyon tungkol sa bagong Emergency Temporary Standard (ETS) ay mahahanap sa www.doli.virginia.gov. Magiging available ang mga materyales para sa outreach, pagtuturo, at pagsasanay pagsapit ng o bago sumapit ang Hulyo 27, 2020.

Magkakaroon kaagad ng bisa ang ETS matapos mailathala, na inaasahang magaganap sa linggo ng Hulyo 27, 2020. Nailalapat ang ETS sa lahat ng mga pribado, pang-estado, at lokal na employer at empleyado ng pamahalaan na saklaw ng hurisdiksiyon ng VOSH. Mawawalan ng bisa ang ETS anim na buwan mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa, ngunit isasaalang-alang ng Safety and Health Codes Board ang pagpapatibay ng permanenteng kapalit ng pamantayan sa loob ng parehong panahon.

Magsasagawa ang Programa ng VOSH ng mga inspeksyon sa pagsunod sa ilalim ng ETS. Upang mas maunawaan at boluntaryong sumunod sa ETS, makipag-ugnayan sa DOLI upang humiling ng **libre at kumpidensyal** na mga serbisyo sa konsultasyon at pagsasanay.

---

## Siyam na Hakbang upang Makamit ang Pagsunod

**HAKBANG 1:** Suriin ang iyong lugar ng trabaho para sa mga panganib at mga gawain ng trabaho na maaaring potensiyal na mailantad ang mga empleyado sa SARS-CoV-2 na virus o sakit na COVID-19. Dapat uriin ng employer ang bawat gawain sa trabaho ayon sa mga panganib na potensiyal na mailantad sa mga empleyado at dapat matiyak ang pagsunod sa mga naaangkop na seksiyon ng ETS para sa mga “napakataas,” “mataas,” “katamtaman,” o “mababang” antas ng panganib ng pagkakalantad. Ang mga gawain na magkapareho ang klase at naglalantad sa mga empleyado sa parehong panganib ay maaaring isama sa parehong grupo para sa mga layunin ng pag-uuri.

- **MABABANG PANGANIB**: Ang mga trabaho na may mababang panganib ay iyong hindi nangangailangan ng pakikipag-ugnayan nang mas malapit sa anim na talampakan mula sa mga tao na natukoy, sinususpetsahan, o maaaring nahawahan ng virus ng SARS-CoV-2. Ang mga indibidwal na ito ay may minimal na pakikipag-ugnayan sa trabaho sa ibang mga empleyado o pangkalahatang publiko, o maaaring gawin ang minimal na pakikipag-ugnayan sa trabaho sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga kontrol sa paggawa sa trabaho.

- **KATAMTAMANG PANGANIB**: Ang mga trabaho na may katamtamang panganib ay iyong nangangailangan ng higit sa minimal na pakikipag-ugnayan sa trabaho, pakikipag-ugnayan na mas malapit sa anim na talampakan kasama ang ibang empleyado o mga tao na maaaring, ngunit hindi natukoy o hindi pinagsususpetsahan, nahawahan ng virus ng SARS-CoV-2. Maaaring kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga waiter, nagtatrabaho sa tindahan ng grocery, manggagawa sa agrikultura, manggagawa sa konstruksiyon, manggagawa sa serbisyong domestiko, tagaayos ng buhok, tagaturo ng fitness, manggagawa sa mga pasilidad para sa manukan at pagproseso ng karne, manggagawa sa gawaan ng produkto, at manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan sa mga lugar na may natukoy o pinagsususpetsahang pinagmulan ng SARS-CoV-2.

- **MATAAS NA PANGANIB**: Ang mga trabaho na may mataas na panganib ay iyong may mataas na potensiyal ng pagkakalantad ng empleyado sa loob ng anim na talampakan mula sa mga natukoy o pinagsususpetsahang pinagmulan ng virus ng SARS-CoV-2. Kabilang dito ang mga manggagawa sa ospital, mga first responder o unang tagatugon, mga provider ng medikal na transportasyon, mga manggagawa sa serbisyong pang-punerarya, mga staff na pang-medikal o pang-dental, mga support staff na hindi pang-medikal, mga staff sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, mga manggawa sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay, atbp.

- **NAPAKATAAS NA PANGANIB:** Ang mga trabaho na may napakataas na panganib ay iyong may mataas na potensiyal ng pagkakalantad ng empleyado sa loob ng anim na talampakan mula sa mga natukoy o pinagsususpetsahang pinagmulan ng virus ng SARS-CoV-2 habang isinasagawa ang mga partikular na medikal na procedure (hal., mga procedure na naglalabas ng aerosol), postmortem procedure o iyong pagsusuri pagkamatay, o mga procedure sa laboratoryo na may ispesimen mula sa natukoy o pinagsususpetsahang pinagmulan ng virus ng SARS-CoV-2.

**HAKBANG 2:** Magtatag at magpatupad ng sistema ng sariling pagtatasa at pagsusuri ng mga empleyado para sa mga senyales at sintomas ng COVID-19 (tingnan ang mga partikular na kahingian para sa bawat uri ng panganib).

**HAKBANG 3:** Magbigay ng mga flexible o naibabagay na polisiya para sa pagliban dahil sa sakit, telework o pagtatrabaho mula sa bahay o ibang lugar, magkakaibang shift, at iba pang administratibo o pantrabahong kontrol sa paggawa kapag maaari upang bawasan o alisin ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao na mas malapit sa anim na talampakan. Hikayatin ang mga empleyado na iulat ang mga sintomas sa pamamagitan ng pagtiyak na alam nila ang anumang polisiya ng kompanya sa pagliban dahil sa sakit at mga alternatibong iskedyul ng pagtatrabaho, pati na rin ang may bayad na pagliban sa trabaho dahil sa sakit na magagamit dahil sa Batas ng Pamilya Muna na Pagtugon sa Coronavirus (Families First Coronavirus Response Act, FFCRA).

**HAKBANG 4:** Magtatag at magpatupad ng mga pamamaraan upang maiwasang mahawahan ng mga may sakit na empleyado at ibang tao ang mga malusog na empleyado:

1. Pagpapatupad ng mga kontrol sa engineering o paggawa sa trabaho na magtatanggal o makabuluhang magbabawas ng pagkakalantad ng empleyado sa virus ng SARS-CoV-2.
2. Pagtiyak na sumusunod ang mga empleyado sa pisikal na pagdistansiya habang nagtatrabaho at sa panahon ng mga bayad na pahinga.
3. Pag-aatas sa mga empleyado na sumunod sa mga kasanayan sa kaligtasan at kalusugan na ibinalangkas sa ETS na nauugnay sa mga pamproteksiyong kasuotan, kalinisan, pagdisimpekta, at paghuhugas ng kamay.
4. Pagbibigay ng pansariling pamproteksiyong kagamitan sa mga empleyado at pagtiyak ng wastong paggamit nito kapag ang ibang kontrol sa lugar ng trabaho gaya ng mga kontrol sa engineering, mga pagbabago sa paggawa sa trabaho, at social distancing ay hindi nagbibigay ng sapat na proteksiyon.

**HAKBANG 5:** Magtatag at magpatupad ng mga pamamaraan na titiyak na ang mga empleyadong natukoy o pinagsususpetsahang mayroong COVID-19 ay hindi papasok ng trabaho, pati na rin ang mga pamamaraan sa kung paano sila babalik ng trabaho. Dapat kabilang sa polisiya sa pagbalik ng trabahong ito ang:

1. Pagbabawal sa mga empleyadong natukoy o pinagsususpetsahang may COVID-19 mula sa pag-uulat sa trabaho hanggang sa mapayagan silang bumalik sa pamamagitan man ng estratehiyang batay sa sintomas o batay sa pagsusuri.
2. Kung hindi gagamit ng estratehiya na batay sa pagsusuri, konsultasyon kasama ang mga angkop na propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kapag ipinapahiwatig ng mga sintomas ng empleyado na ligtas silang bumalik ng trabaho.

**HAKBANG 6:** Magtaguyod at magpatupad ng sistema sa pag-aabiso sa mga empleyado, may-ari ng gusali, at ibang employer ng lugar ng trabaho tungkol sa mga pagkakalantad sa virus at mga pinagsususpetsahan o kumpirmadong kaso para makagawa sila ng mga personal na aksiyon sa pagprotekta ng kanilang kalusugan at kaligtasan.

**HAKBANG 7:** Tiyakin na sumusunod ka sa mga probisyon laban sa pandidiskrimina sa bagong ETS. Kabilang dito ang pagpigil mula sa pag-alis sa trabaho ng o pagdiskrimina sa anumang paraan laban sa isang empleyado dahil nagdulog sila ng makatuwirang pagkabahala tungkol sa pagkontrol ng impeksiyon ng virus

ng SARS-CoV-2 o sakit na COVID-19 sa lugar ng trabaho sa iyo, ibang empleyado, ahensiya ng pamahalaan, o publiko gamit ang anumang anyo ng media.

**HAKBANG 8:** Kung ikaw ay isang employer na may labing-isa o mahigit pang empleyado na may trabahong kinategorya bilang may katamtamang panganib; o isang employer na may anumang bilang ng empleyado na may trabahong kinategorya bilang may mataas o napakataas na panganib, dapat kang maghanda ng Plano sa Paghahanda at Pagtugon sa Nakahahawang Sakit at sanayin ang mga empleyado sa mga gawi sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng ETS.

**HAKBANG 9:** Ang mga employer na may lugar ng trabaho na may katamtaman, mataas, at napakataas na panganib ay dapat magbigay ng pagsasanay sa COVID-19 sa mga empleyado sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa. Ang mga lugar ng trabaho na may mababang panganib ay dapat magbigay sa mga empleyado ng pangunahing impormasyon na nakasulat o sinasabi tungkol sa mga panganib ng COVID-19 at mga hakbang sa pagbawas ng pagkakalantad. Gagawing available ng VOSH ang libre at katanggap-tanggap na poster para sa lugar ng trabaho sa www.doli.virginia.gov.

Mangyaring konsultahin ang aktuwal na ETS, pati na rin ang mga materyales sa outreach, pagtuturo, at pagsasanay na available sa www.doli.virginia.gov.